Pagsusuri sa Epekto sa Kapaligiran para sa Rehabilitasyon ng Runway 14R-32L at Relokasyon ng Taxiway B

King County International Airport
Boeing Field

Tagalog

Ibahagi ang mungkahi tungkol sa saklaw ng Pagsusuri sa Epekto sa Kapaligiran (Environmental Assessment, EA) para sa rehabilitasyon ng runway at relokasyon ng taxiway sa KCIA

1 Makikita sa mapa sa itaas ang runway na kulay itim, na tinatawag na Runway 14R-32L, at malapit na itong palitan dahil luma na ito. Kailangang kumpunihin o ayusin ang pavement ng runway upang patuloy na matiyak ang ligtas na operasyon ng mga sasakyang panghimpapawid. Makikita sa mapa ang taxiway na kulay gray, na tinatawag na Taxiway B, na kailangang ilipat para masunod ang kasalukuyang pamantayan ng FAA. May ilang bahagi ng lugar ng pag-aaral ng proyekto na nasa labas ng kasalukuyang hangganan ng KCIA.

Naghahanda ang King County International Airport (KCIA) na ayusin ang pangunahing runway nito—ang Runway 14R-32L—at ilipat ang Taxiway B nang 50 hanggang 75 talampakan pakanluran mula rito upang masunod ang kasalukuyang pamantayan ng FAA. Kasama ang Federal Aviation Administration (FAA), naghahanda ang KCIA ng Pagsusuri sa Epekto sa Kapaligiran (EA) alinsunod sa Batas sa Pambansang Patakaran sa Kapaligiran (National Environmental Policy Act, NEPA), upang suriin ang mga posibleng epekto ng proyekto sa kapaligiran. Inaanyayahan ang mga miyembro ng komunidad, mga tenant ng paliparan, mga ahensya, at iba pang interesadong panig na dumalo sa nalalapit na scoping open house meeting (pampublikong pagpupulong para talakayin ang saklaw ng proyekto) upang malaman ang higit pa at magbigay ng kanilang mga komento tungkol sa saklaw ng EA.

Kung bakit kailangan ang proyektong ito

King County International Airport
Boeing Field

Huling kinumpuni ng KCIA ang Runway 14R–32L noong 2006, at ngayon ay malapit na itong palitan dahil luma na ito. Bukod dito, masyadong malapit ang Taxiway B sa Runway 14R–32L ayon sa kasalukuyang mga pamantayan ng FAA. Upang matugunan ang mga pamantayan ngayon, kailangang ilipat ang taxiway nang 50 hanggang 75 talampakan pakanluran ng Runway 14R–32L.

Proyekto

Iminumungkahi ng KCIA na:

- Ayusin ang Runway 14R–32L
- Ilipat ang Taxiway B nang humigit-kumulang 50 hanggang 75 talampakan pakanluran
- Isagawa ang mga kaugnay na pagpapabuti, tulad ng:
  - Alisin at ilipat ang Airport Traffic Control Tower
  - (ATCT) at ang gusali ng Aircraft Rescue and Firefighting (ARFF)
  - Magtayo ng mga pasilidad para sa stormwater
  - Ilipat ang isang bahagi ng perimeter fence
  - Mga hakbang sa pag-iwas sa pinsala para sa mga tenant at sa landside

Kasalukuyang nagaganap: Pagsusuri sa Epekto sa Kapaligiran (EA)

Ang Batas sa Pambansang Patakaran sa Kapaligiran (NEPA) ay isang pederal na batas na nag-aatas sa mga pederal na ahensya na isaalang-alang ang mga epekto sa kapaligiran at ibunyag ang mga epektong ito sa publiko. Makikipagtulungan ang KCIA sa FAA, mga ahensya, mga lokal na komunidad, at iba pang interesadong panig upang magbahagi ng impormasyon at mangalap ng mga komento bilang bahagi ng proseso ng EA.

Isasaalang-alang ng KCIA ang mga komento na makakalap sa yugto ng scoping habang binubuo nito ang EA. Susunod:

- Susuriin ng project team ang mga posibleng epekto ng proyekto sa kapaligiran.
- Ihahanda ng project team ang Draft EA.
- Ilalathala ng KCIA at ng FAA ang Draft EA para sa pagsusuri at
- pagbibigay ng komento ng mga ahensya at ng publiko. Magho-host ang KCIA ng ikalawang open house sa panahong ito.
- Tutugon ang project team sa mga komento tungkol sa Draft EA at ihahanda ang Final EA.
- Ilalathala ng KCIA at ng FAA ang Final EA.
- Maglalabas ang FAA ng Finding of No Significant Impact (Pasya na Walang Malaking Epekto sa Kapaligiran, FONSI) o maghahanda ang FAA ng Environmental Impact Statement (Pahayag ng Epekto sa Kapaligiran, EIS).

Kung paano makikilahok

Samahan kami sa scoping open house. Inaanyayahan ang mga miyembro ng komunidad, mga tenant ng paliparan, mga ahensya, at iba pang interesadong panig na alamin ang tungkol sa proyekto, magtanong, at ibahagi kung anong mga isyu ang sa tingin nila ay dapat suriin ng project team sa EA.

Makakatulong ang mga komento sa pagtukoy ng saklaw ng EA.

Open House na Dadaluhan nang Personal

- **Miyerkules, Abril 15, 2026**
- **5:30 – 7:30 p.m. (PDT)**
- **KCIA Flight Service Station**
  6526 Ellis Avenue S.
  Seattle, WA 98108

Hindi ka ba makakadalo sa scoping open house?

Magiging available online para sa pagsusuri ang mga materyal ng scoping open house pagkatapos ng event sa: ***kingcounty.gov/airport/taxiway-b-nepa***

Magpadala ng mga komento sa pamamagitan ng email sa:

KCIACommunityoutreach@kingcounty.gov
Attn: Eric Miller

Magpadala ng mga komento sa pamamagitan ng koreo sa:

Eric Miller
Capital Project Manager
King County International Airport
7277 Perimeter Road South, Suite 200
Seattle, WA 98108

Isumite ang mga komento hanggang Biyernes, Mayo 15, 2026, sa ganap na 5:00 p.m. (PDT)